

PANDARAYA AT CYBERCRIME

MGA TIP PARA SA KALIGTASAN

VANCOUVER POLICE

MAY IBA PANG PARAAN PARA PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI

S.A.F.E.

Kamalayan sa Kaligtasan para sa Mga Nakatatanda

8 PARAAN PARA PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI

1. *Magkaroon ng mailbox na may lock at kolektahin ang iyong mga sulat araw-araw.*

2. *Bumili ng magandang kalidad ng shredder at i-shred ang lahat ng iyong personal o pinansyal na dokumento na hindi mo na kailangan.*

3. *Mag-ingat sa mga hindi hinihinging email, text, o tawag sa telepono mula sa isang taong nagsasabing siya ay mula sa iyong bangko, kumpanya ng credit card, o sa gobyerno (ibig sabihin, Ahensya para sa Kita ng Canada (Canada Revenue Agency)). Huwag magbigay o magkumpirma ng personal na impormasyon.*

4. *Tingnan ang rating ng iyong credit kada taon.*

MULA SA PANDARAYA AT PAGNANAKAW NG PAGKAKAKILANLAN

5. *Panatilihing secure at palagi mong dalhin ang iyong mga credit card.*

6. *Mag-ingat sa mga scammer na gumagamit ng emosyon para mapalabas na mahalaga ang isang bagay at mag-atas ng pagkilos.*

PAG-ASA: *Nanalo ka ng papremyo!*
TAKOT: *May utang kang buwis!*
MALASAKIT SA IBA: *Maging lihim na mamimili namin!*

7. *Iulat ang lahat ng insidente ng pagnanakaw ng mail, pandaraya, at kahina-hinalang aktibidad sa lokal na pulisya.*

8. *Alamin ang mga napapanahon at pinagkakatiwalaang impormasyon, at ibahagi ito sa iyong mga kaibigan.*

8 PARAAN PARA PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI

1. *Ayusin ang mga isyu sa seguridad sa iyong computer at iba pang device sa pamamagitan ng pagtiyak na up-to-date ang operating system ng mga ito.*

2. *Regular na i-back-up ang iyong computer, para makapag-restore o makapag-recover ka ng mga mahahalagang dokumento at larawan.*

3. *Gumamit ng mga mahirap hulaan at iba-ibang password para sa iyong mga online na account. Lubos na nakakatulong sa pagpapataas ng seguridad ang passphrase (apat na salitang pinagsama-sama).*

4. *Tiyaking secure at protektado ng password ang router para sa iyong network sa bahay .*

MULA SA CYBERCRIME

5. *Kapag bumibili online, bumili lamang sa mga pinagkakatiwalaang website, at isaalang-alang na gumamit ng hiwalay at may mababang limitasyon na credit card.*

6. *Tiyaking mayroon ka ng mga pinakamataas na setting ng privacy sa iyong internet browser at sa iyong mga account sa social media.*

7. *Mag-ingat sa kung ano ang ibinabahagi mo sa social media. Huwag mag-post ng personal na impormasyon tulad ng petsa ng iyong kapanganakan. Maaaring magkaroon ng geotagging ang mga larawang pino-post mo, na maaaring magpakita ng iyong lokasyon.*

8. *Iulat ang lahat ng insidente ng cybercrime sa iyong lokal na pulisya.*

1. TAGASIYASAT

Makakatanggap ka ng tawag mula sa isang taong magsasabing siya ay isang tagasiyasat sa bangko o isang pulis, at hihingin ang tulong mo para mahuli ang mga hindi tapat na empleyado ng bangko.

Sasabihin niya sa iyong ibaba mo ang telepono at tumawag ka agad sa iyong bangko. Ibibigay niya ang numerong tatawagan o mag-aalok ng tulong para mahanap mo ito.

Kapag ibinaba mo ang telepono, mananatili ang manloloko sa linya. Mananatiling “aktibo” ang tawag sa loob ng sapat na oras kung kaya't kapag tumawag ka sa iyong bangko, nasa linya pa rin siya (hindi madidiskonekta ang tawag sa pamamagitan ng pag-dial sa numero ng iyong bangko).

Maaaring sagutin ng isa pang tao ang telepono at magkunwaring mula siya sa iyong bangko. Hihingin niya sa iyong mag-withdraw ka ng malaking halaga ng pera at ipadala ito sa isang hindi kilalang address, o makipagkita sa isang tao para ibigay ang pera nang masuri ito – habang sabay na ipinapangakong ibabalik ang pera sa iyo. Pagkatapos maipadala ang pera, o maibigay ito, hindi mo na ito makukuha.

2. ROMANSA

Nabiktima na ang ilang taong naghahanap ng makakasama online. Posibleng may makilala ka online na mukhang mabait, at posibleng magustuhan mo siya nang sobra batay sa pagpapalitan ninyo ng email at mga larawan.

Gayunpaman, posibleng hindi sa taong iyon ang mga larawan. Karaniwang hihingi ng pera ang manloloko para sa mga bagay na tulad ng emergency loan para makagawa ng deal sa negosyo, o para matulungan siya sa isang problema. Mangangako siyang babayaran din niya agad ang pera kapag naayos na ang krisis.

Sa kasamaang palad, marami nang nakatatanda ang nawalan ng malaking halaga ng pera na hindi na maibabalik.

3. LIHIM NA MAMIMILI

May isang taong magpapadala sa iyo ng email na humihiling na maging lihim kang mamimili. Magpapadala siya sa iyo ng tseke bilang kabayaran at sasabihan kang ideposito ito sa iyong account. Mas malaki ang halagang ibibigay sa iyo kaysa sa naipangako. Hihingin niyang ipadala mo pabalik ang sobra dito at ibawas ang isang partikular na halaga ng token para sa abala sa iyo. Kalaunan ay tatanggihan ng iyong bangko ang orihinal na tseke dahil sa pagiging peke nito at hindi mo na maibabalik ang perang ipinadala mo.

4. MGA PAGKUKUMPUNI SA BAHAY AT INSPEKSYON



Karaniwan sa ganitong uri ng scam ang pagpunta ng isang tao sa iyong bahay at mag-aalok siya ng mga pagkukumpuni sa bahay o inspeksyon.

Sasabihin niyang nagtatrabaho siya malapit sa lugar mo at maaari ka niyang bigyan ng espesyal na presyo. Karaniwang hihingi ang mga scammer ng mahal na paunang bayad, na kukunin nila nang hindi ginagawa ang trabaho, o gagawa sila ng kaunti o hindi maayos na trabaho.

Sa tuwing kukuha ka ng isang taong magtatrabaho sa bahay mo, tiyaking hihingi ka ng maraming quote para sa trabahong iyon.

Humingi ng mga reference at mag-follow up sa kanila. Tandaan, walang marangal na kumpanya ang hihingi ng bayad nang harapan. Makipag-ugnayan sa Better Business Bureau tungkol sa mga potensyal na contractor para matiyak na propesyonal ang mga ito.

5. BAYAD PARA SA LOTTO

Ang sinumang tatawag, magpapadala ng sulat, o mag-e-email sa iyo na nagsasabing nanalo ka ng lotto ay isang manloloko. Hindi ka mananalo ng lotto nang hindi ka tumataya. Sasabihan ka ng manloloko na nanalo ka ng malaking halaga ng pera at posibleng humingi

siya ng bayad o buwis para maipadala sa iyo ang napanalunan mo. Kung magpapadala ka ng pera, hihingi siya ng higit pa sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagong dahilan (bayad sa abugado o bayad sa pagbabangko, atbp.). Hihingin niya sa iyong mag-wire ka ng pera sa loob ng bansa o sa labas ng Canada.

6. PHISHING SA EMAIL O TEXT

Maaari kang makatanggap ng email o text na mukhang galing sa isang bangko sa Canada, na nagsasabing may problema sa iyong account at hinihinging kumpirmahin mo ang iyong mga personal na detalye at impormasyon ng account. Palaging scam ang mga tulad nito. Walang marangal na negosyo o bangko ang makikipag-ugnayan sa iyo para kumpirmahin ang impormasyong hawak na nila.

Tingnan ang email address. Maaari itong maglaman ng mga hindi pangkaraniwang numero at titik at posibleng magpakita na ang email address ay hindi nauugnay sa bangko. Susubukan ng mga manloloko na makakuha ng personal na impormasyon mula sa iyo para nakawin ang iyong pagkakakilanlan at magsagawa ng pandaraya sa ngalan mo.

7. TULONG MULA SA LOLO/LOLA



Makakatanggap ka ng tawag mula sa iyong "apo," na may problema. Posibleng maloko ka at masabi mo ang pangalan ng iyong apo, na gagamitin ng tumatawag para mas makumbinsi kang lehitimo ang tawag. Maaari niyang sabihin sa iyo na nakulong, nasa ospital, o nakaaksidente ang iyong apo, at ayaw niya itong ipaalam sa kanyang mga magulang. Hihingin niya sa iyong magpadala ka ng pera para matulungan siya. Maaaring may isa pang taong sasagot sa telepono na magsasabing isa siyang abugado, at hihingin niyang magpadala ka ng pera. Uutusan kang mag-wire ng pera, kadalasan sa labas ng Canada. Marami nang nakatatanda ang nabiktima sa paraang ito dahil sinasamantala ng mga manloloko ang iyong pagmamahal at pag-aalala para sa iyong mga apo.

8. CRA

Makakatanggap ka ng tawag mula sa isang manloloko na nagpapanggap na mula siya sa Ahensya para sa Kita ng Canada (Canada Revenue Agency) at sasabihing may problema sa iyong mga buwis. Sasabihin niyang mayroong warrant para sa pag-aresto sa iyo, o nahaharap ka sa pagpapaalis sa bansa. Hihingi ng bayad ang manloloko para makansela ang warrant o mapahinto ang pagpapaalis sa iyo sa bansa. Uutusan kang bumili ng mga pre-paid gift card at ibibigay ang code sa tawag, o maaaring hingin nila sa iyong magdeposito ka ng pera sa isang Bitcoin ATM.

Hinding-hindi ka tatawagan ng CRA tungkol sa iyong mga hindi pa nababayarang buwis at hinding-hindi ka nila pagbabantaang aarestuhin o paaalisin sa bansa. Hindi tumatanggap ang CRA ng pagbabayad sa pamamagitan ng credit card, mga pre-paid gift card, o Bitcoin.

MGA RESOURCE

- **VPD.CA**
- **GetCyberSafe.ca**
- **AntiFraudCentre-CentreAntiFraude.ca**

Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang VPD Financial Crime Unit sa (604) 717-2569 at mag-iwan ng voicemail kasama ng iyong pangalan at numero. Mayroong tatawag sa iyo.

- **Kapag may emergency, tumawag sa 9-1-1**
- **PAra sa mga hindi emergency, tumawag sa (604) 717-3321**

#BeSafeBeStrong

#BeSafeBeStrong

VANCOUVER POLICE FOUNDATION

SALAMAT SA VANCOUVER POLICE FOUNDATION
PARA SA PAGSUPORTA SA RESOURCE NA ITO